
**ANO NA ANG SUSUNOD?**
**The Lord's Flock Worship Service Topic**
Ni: Sis. Mik R. Flores
Enero 10, 2026

Kung ang buhay ay parang hindi sigurado, hindi nasusunod ang ating mga plano sa buhay, at parang mabagal ang pag-unlad, madalas nating naitatanong, "Ano na ang susunod?" Ang sagot ng Diyos sa "Ano na ang susunod?" ay hindi pagbabago sa mga pangyayari kundi dapat maging malalim ang relasyon sa Kanya, makilala Siya nang personal, maihanay ang ating puso sa Kanya, malaman ang ating layunin, at mamuhay nang maginhawa na may positibong epekto sa kapwa.

"




"

*"Parang punong kahoy na doon natanim sa tahanan ng Diyos, sa banal na templo ito ay lalago na nakalulugod" (Awit 92:13).* Ito ay itinuturo sa atin na dapat tayo ay nasa tamang environmemnt para lumago. Posible rin na lumago maski nasa maling environment, ngunit hindi kasing lago, tatag, at tibay sa plano ng Diyos sa atin. Ang kagustuhan ng Diyos para sa atin ay ang pinakamabuti at pinakamaganda; ayaw Niyang katamtaman lamang ang mapunta sa atin.

Sa paglalakbay natin sa buhay, mahalaga na huminto tayo at tingnan kung nasa tamang environment tayo - sa presensya ng Panginoon (Ps. 16:11) - bago natin gawin ang susunod na hakbang.

Para lumago, itinuturo sa atin ni St. Paul sa Eph. 1:17-18 ang paraan kung paano mapunta sa tamang environment.

1. **PERSONAL NA KILALANIN (know) ANG DIYOS.** Ang salitang *"know"* ay galing sa Greek na "GINOSKO," ibig sabihin kilalanin ang Diyos hindi lamang sa ating isip kundi sa ating puso. Ito ay personal na relasyon na bumabago sa atin, hindi lamang sa mga katotohanan tungkol sa Diyos kundi ma-experience natin ang Kanyang presence, love at guidance.

2. **MAGING KAISA NG DIYOS** (Maki-isa sa puso ng Diyos). Nanalangin si St. Paul para sa mga Ephesians na *"nawa'y liwanagan ng Diyos ang iyong mga isip upang malaman ninyo ang ating inaasahan sa Kanyang pagkatawag sa atin (layunin ng Diyos)."* Nagdadasal siya na mabuksan ang kanilang mga espiritwal na mata para maintindihan at madama ang puso ng Diyos. Tulad din nito, kung ang puso natin ay kaisa sa puso ng Diyos, ang ating mga desires at actions ay naaayon sa kalooban ng Diyos. Hindi na natin sinusunod ang sarili nating desires. Sa halip, ang ginagawa natin ay kung ano ang nagbibigay karangalan sa Kanya at nakatutupad ng Kanyang layunin sa ating buhay.

3. **ALAMIN ANG ATING LAYUNIN**. Ipinapa-alala sa atin ni St. Paul na may layunin ang paglikha sa atin at nabubuhay tayo para sa isang layunin. Kung naiintindihan natin ang kalooban ng Diyos, ito ang magdadala sa atin sa tamang landas. Sinusunod natin ang layuning ito anuman ang mangyari dahil Diyos ang Author at Finisher ng ating pananalig. Anuman ang inilagay Niya sa ating puso, matapat Niya itong tatapusin.

4. **GUMAWA NG PAGKAKAIBA**. Pagnilayan ang pag-ibig ng Diyos sa kapwa. Kung ang ating puso ay nakahanay sa Diyos, at alam ang ating layunin, ang ating mga kagustuhan at aksyon ay higit na intensyunal at mas matatag ang ating commitment sa kalooban at pamamaraan ng Diyos. Nagiging iba ang ating pag-ibig, paglilingkod at positibong impact sa kapwa.

Sinasabi sa Ephesians 1:17-18 ang PAMANA NG DIYOS (Psalm 16.)

1. Ang pagkilala sa DIYOS ay **TANGING SIYA ang LAHAT SA BUHAY**.
2. Ang makahanay sa Diyos ay **KALAYAAN.**
3. Ang pagkilala sa layunin ng Diyos ay **PATNUBAY.**
4. Ang paggawa ng kakaiba sa kapwa ay **KABUUAN NG KAGALAKAN NG DIYOS.**

**Konklusyon:**

Kung hindi alam kung ano na ang susunod, tumigil at i-tsek kung tayo ay nasa tama pang environment. Sa Psalm 92:13, tinatawag tayo na doon matanim sa tahanan ng Diyos – para personal Siyang makilala, maihanay ang ating puso sa Kanya, malaman ang ating layunin, mamuhay na may intensyon para sa kaluwalhatian ng Diyos. Kung yayakapin natin ang presensya ng Diyos at tawag, makikita sa ating buhay ang Kanyang pagmamahal, pag-asa, at layunin, na may positibong impact sa kapwa.

**Pagninilay:**

Nasaan ka ngayon? Ano ang susunod mong hakbang para maitanim ka sa tamang environment at lumago sa layunin ng Diyos na lumikha sa iyo?

**SCRIBES Ministry**
Isinalin ni: Nida A. Cruz
Na-edit ni: Vera I. Tuplano
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags: #kilalanin Ang Diyos; #Layunin Ng Diyos